


Phase 1 ng Proseso ng Pagtatakda ng South Toll Rate Range

PAMPUBLIKONG MGA PAGDINIG



American Legion Bridge I-270 hanggang I-370



Ang MDTA ay nagpapalano rin ng mga pampublikong pagdinig upang hingin ang testimonya ng publiko sa panukalang mga toll rate range para sa Phase 1 South: American Legion Bridge I-270 hanggang I-370. Ang mga pagdinig ay magbibigay na oportunidad upang magkomento para sa opisyal na record sa pamamagitan ng pagsasalita sa publiko one-on-one na testimonya o sa pamamagitan ng sulat na puna. Ang MDTA ay magbibigay ng mga petsa at detalye sa mga susunod na patalastas para sa virtual at personal na publikong mga pagdinig na isasagawa sa panahon ng pagbibigay ng puna. Laging tingnan ang webpage para sa karagdagang impormasyon!

Ang pagpaparehistro upang magbigay ng testimonya sa pampublikong pagdinig ay magbubukas sa oras na ipahayag na ang mga petsa ng pagdinig. Hindi magkakaroon ng pormal na presentasyon sa panahon ng mga pampublikong pagdinig, at walang mga sagot sa tanong ang ibibigay. Ang publiko ay makakapakinig nang live sa mga pagdinig sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng panonood ng livestream sa mdta.maryland.gov/ALB270TollSetting. LAHAT NG PUNA na natanggap, sa pamamagitan ng pagdinig o sa pamamagitan ng ibang paraan, ay bibigyan ng PANTAY NA PAGSASAALANG-ALANG.

Ang Panahon ng Pagbibigay ng Puna ng Publiko ay Bukas na Ngayon Hanggang Agosto 12!

Bilang katuwang sa Phase 1: Ang Relief Plan ng The American Legion Bridge I-270 hanggang I-70, ang Maryland Transportation Authority (MDTA) ay tumatanggap ng pampublikong mga puna bilang bahagi ng proseso ng pagtatakda ng toll rate range para sa Phase 1 South: American Legion Bridge I-270 hanggang I-370.

Ang mga kagamitan sa pampublikong materyal ay makukuha sa Virtual Information Room para sa pagsusuri at pagbibigay ng puna sa mdta.maryland.gov/ALB270TollSetting. Ang pagbibigay ng mga puna sa isa sa sumusunod na mga paraan hanggang Huwebes, **Agosto 12, 2021 sa 5 p.m.** ay isasama sa opisyal na tala:



Magsumite ng electronic comment form na available sa webpage sa mdta.maryland.gov/ALB270TollSetting;



I-download at ipadala ang kumpletong comment form sa ALB270TollSetting@mdta.maryland.gov;



I-print at ipadala ang kumpletong form sa **Phase 1 South: American Legion Bridge I-270 to I-370 Toll Rate Range Public Comment Maryland Transportation Authority 2310 Broening Highway Baltimore, MD 21224**; o



Magbigay ng call-in testimony sa **855-701-1977** at mag-iwan ng isang voicemail na hindi lalampas sa tatlong minuto.

Kung hindi ka maka-access sa online na mga materyal sa pagdinig, o kung kailangan mo ng espesyal na tulong sa ilalim ng Americans with Disabilities Act o kailangan ng mga serbisyo ng pagsasalita sa wika (libre), makipag-ugnay sa Title VI Officer ng MDTA sa mdtaeeo@mdta.maryland.gov o sa 410-537-6720.